

# Paggamit ng Makabagong Panulaan sa Kasanayang Pasalita ng mga Mag-aaral sa Senior High School

(Innovative Assessment of Senior High School Students' Oral Skills Development)

**Margie Legaspi, MaEd**  
Consolacion National High School  
Sogod Southern Leyte

**Norlyn L. Borong, Ed.D.**  
Associate Professor<sup>1</sup>  
Southern Leyte State University-Tomas Oppus  
nborong@southernleytestateu.edu.ph

*Margie Legaspi, MaEd<sup>1</sup>, Norlyn L. Borong, EdD<sup>2</sup>*  
*Consolacion National High School, Sogod Southern Leyte*  
*Southern Leyte State University-Tomas Oppus*

**Abstract:** This study used contemporary poetry to test the speaking abilities of students. The study employed the A-B-A-B quasi-experimental two-part design, in which a group that underwent a pre- and post-test was studied. Participants were students in Senior High School who had taken the General Academic Track in Grade 11. There are a total of thirty-two (32) respondents. Students engaged in both individual and group activities from a list of spoken exercises as a learning tool. Based on the findings, the pre-test (control group) students' oral communication skills are not very good. There is no significant difference in the speaking abilities of the students in the control (pre-test) and experimental groups, and the oral communication skills of the students in the post-test (experimental group) are good (post-test). Students have the chance to master this ability through speech assistance. As a consequence of the study, the researcher advised that additional research be done on how to improve students' speaking abilities and to consider interventions that would help students improve their skills rather than just filling in their gaps.

**Keywords—** *gaps; intervention; oral communication skills; speaking abilities*

**Abstrak-** Sinuri ng pag-aaral na ito ang kasanayang pasalita ng mga mag-aaral gamit ang makabagong panulaan. Ginamit sa pag-aaral ang palarawang desinyo sa paraan ng A-B-A-B quasi-experimental na pamaraan kung saan sinuri sa desinyong ito ang isang grupo na dumaaan sa pre at post test. Mga mag-aaral sa Senior High School na kumuha ng General Academic Track sa baitang 11 ang ginawang kalahok. May tatlumpu't dalawang (32) kabubuang kalahok. Isang talaan ng mga gawaing pasalita ang ginamit bilang instrumento ng pag-aaral kung saan ang mga mag-aaral ay nakilahok sa isahan at pangkatang gawain. Batay sa resulta ng pagsusuri ang kasanayan ng mga mag-aaral sa komunikasyong pasalita sa Pre-

test (Control group) ay may kasanayan na hindi magaling. Ang kasanayan ng mga mag-aaral sa komunikasyong pasalita sa Post-test (experimental group) ay may kasanayan na magaling at walang makabuluhang kaugnayan ang kahusayan ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa control (pre-test) at eksperimental group (post-test). Sa pagkakaroon ng interbensiyon sa pagsasalita, ang mga mag-aaral ay may pagkakataong mapalinang ang kasanayang ito. Sa resulta ng pag-aaral, inirekomenda ng mananaliksik na magkakaroon pa ng pag-aaral tungkol kung paano mapalinang ang kakayahan ng pagsasalita ng mga mag-aaral at mag-isip pa ng mga interbensiyon para mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral at hindi titigil sa paghahanap ng mga interbensiyon para mapunan ang kakulangan ng mga mag-aaral.

## MGA SUSING SALITA:

Interbensiyon; kakulangan; komunikasyong pasalita; mapalinang ang kasanayan; pangkatang gawain

## INTRODUCTION

Ang makabagong panulaan ay itinuturing sa kasalukuyan na *trending* sa mga kabataan dahil sa kakaibang katangian nito. Itinuturing na kakaibang katangian dahil ang mga pahayag nito ay kuha sa kaibuturan ng puso. Sa kasalukuyan, napakahalaga sa isang tao na may kahusayan sa komunikasyong kasanayan sapagkat may kakayahan siyang makipagtalasan sa anumang mga sitwasyon. Ang pagsasalita ay isa sa mga mahalagang kasanayan na kailangan para maging mahusay sa pakikipagtalastasan. Sa ilang taong pagtuturo sa Senior High School isa sa mga nakakitaan na suliranin ng guro sa kakayahan ng kanyang mga mag-aaral ang kahinaan sa kasanayan ng pagsasalita. Ito ay ang medyur na dahilan kung kaya't nahikayat ang mananaliksik na suriin ang kasanayan ng pagsasalita ng mga mag-aaral gamit ang makabagong panulaan.

Ang pagsasalita o komunikasyon ay isang kasanayan at kakayahan na maipahayag ng tao ang ideya sa kapwa. Ang kahusayan sa pagsasalita ay kasanayan at kakayahan na madaling maganyak ang tagapakinig. Ang kahusayan sa komunikasyon ay isa sa mga binigyang diin ng 7 C's na bahagi sa programa ng K to 12 kurikulum. Ang guro ay walang katapusan sa paghahanap at pagdukal ng mga interbensiyon at estratehiyang makatutulong sa pagpapalinang ng pang-akademikong gawain ng kanyang mga mag-aaral (Bernabe, 2019). Dagdag pa, mahalaga ang instruksiyonal materyals sa pagtuturo at pagpapaulad ng berbal na kasanayan sa mga mag-aaral.

Sa resulta ng pag-aaral ni Geronimo (2015) ang kahusayan ng pagsasalita sa Pilipinas ay unti-unti ng humina. Ito ay pinatunayan sa resulta ng kanyang pag-aaral na natuklasan na ang kahusayan sa komunikasyon sa kanyang mga mag-aaral ay may 6.59% lamang ang antas sa kasanayan sa pagsasalita. Kaugnay nito ipinahayag din nina Bonhoc (2015) at Vocal (2019) ang resulta ng kanilang pagsusuri ng kakayahang pasalita ng kanilang mga kalahok na pawang nakakuha ng *mababang kakayahan*. Ito ang dahilan kung bakit naudyok ang mga mananaliksik sa pag-aaral na ito dahil bukod sa pahayag ng mga mananaliksik isa rin ito sa mga suliranin ng mananaliksik. Ang kahusayan sa pagsasalita o komunikasyon ay napakahalaga sa lahat ng larangan. Kaya maraming mga mananaliksik ang nagkakaroon ng pag-aaral sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsasalita tulad nina Curtsinger (2018) na binigyan-diin ang kakayahan ng mga nursing students sa pag-aaral, Raba (2017) na ang kanyang pag-aaral ay nakapokus sa kakayahan ng mga EFL teachers, Ismail, (2017) na mga mag-aaral sa Engineering ang kanyang mga kalahok, at marami pang iba. Sa resulta ng kanilang pag-aaral parehong nabahala sa kakayahan ng komunikatibo sa kanilang mga kalahok sapagkat mababa ang kanilang nakuhang antas.

Ang mga mananaliksik bilang guro sa Senior High School ay nabahala dahil ang kakayahan ng komunikasyon ay napakahalagang kakayahan na dapat taglayin ng bawat mga mag-aaral bilang paghahanda pagdating sa kolehiyo. Kaya ang pag-aaral na ito ay binuo upang anumang mga kahinaan ng mga mag-aaral sa kasanayang pasalita ay mabigyan ng interbensiyon bilang paghahanda sa susunod na kabanata sa kanilang buhay- ang kolehiyo.

Kapansin-pansin ang labis na pagbabago ng mga bagong henerasyon ngayon. Ang mga kabataan ngayon ay may kakaibang kinahihiligan pagdating sa mga panulaan (Capiña, 2015). Ipinaliwanag Yamson at Borong (2022) na ang mga alternabo at mga interbensiyong ginawa ng mga guro ay nakatutulong sa pagtuklas sa kahusayan ng mga mag-aaral. Ang pahayag ni Yamson at Borong (2022), ay may malaking kaugnayan sa pahayag ni Infact (2016) na nagsabing ang guro ay mas nakaaalam sa kakayahan ng kanyang mga mag-aaral

kaya siya rin ang nakaaalam kung anong mga estratehiyang gagamitin para sa kanyang pag-aaral. Ang guro ay kailangan marunong ay nakatutulong na mabigyan ng solusyon at matugunan ang suliranin ng mga guro lalo na sa kahinaan ng kanyang mga mag-aaral.

Umaasa ang mga mananaliksik na anumang resulta ng pag-aaral na ito ay makatutulong sa hangarin ng K to 12 kurikulum na magkaroon ng mahusay at produktibong mag-aaral lalo na sa mga Senior High School. Ang pag-aaral na ito ay makatutulong din bilang paghahanda ng mga mag-aaral sa pagpasok ng kolehiyo kung saan ang kakayahan ng pagsasalita ay isa sa mga dapat pag-ibayuhin.

## RESEARCH METHODOLOGY

Ginamit sa pag-aaral na ito ang palarawang desinyo sa paraan ng A-B-A-B quasi-experimental na pamaraan kung saan sinuri sa desinyong ito ang isang grupo na dumaaan sa pre at post test. Ang A-B-A-B design ay angkop sa pag-aaral na ito sapagkat ito ay may prosesong magsisimula sa pagsukat o pagkilala ng baseline (the first A), sa treatment measurement (the first B), sa withdrawal of treatment (the second A), at sa *re-introduction of treatment* (the second B). Ayon kay Moore (2008), ang quasi-experimental ay isang pamamaraan na may layuning makilala ang epekto ng isang interbensiyong ginamit ng guro para sa mga mag-aaral. Mga mag-aaral sa Senior High School ng Consolacion National High School ng Sogod, Southern Leyte na may General Academic Track sa ikalabing-isang baitang. Sakop sa pag-aaral na ito ang pitong (7) lalaki at dalawampu't limang (25) babae. Ang mga mag-aaral sa Grade 11 ang kinuha ng mananaliksik bilang mga kalahok sapagkat anumang mga pagkukulang o kahinaan sa pagsasalita na may sapat pang panahon na mapalainang ang kahinaan bilang paghahanda pagdating ng kolehiyo. Ginamit sa pag-aaral na ito ang isang talaan ng mga gawaing pasalita. Ang mga mag-aaral ay nakilahok sa isahan at pangkatang gawain. Para sa *control group* na gawain, inilahad ng mga mag-aaral ang kanilang ideya at pananaw tungkol sa isang paksa sa pamamagitan ng talumpati, tula, dula at debate. Para naman sa *experimental group* na gawain, inilahad din ng mga mag-aaral ang kanilang ideya at pananaw tungkol sa isang paksa gamit ang makabagong panulaan tulad ng pick-up lines, hugot lines at fliptop. Ang mga gawaing ito ay tataya sa kahusayan ng mga mag-aaral sa kanilang kasanayang pasalita. Ginamit din ng mananaliksik ang isang rubriks para sa pagsukat sa kahusayan ng mga mag-aaral sa kasanayang pasalita. Ginamit ng mananaliksik ang *oral test rubric* mula sa Wu, W-C. V., Marek, M. W. at Huang, H. W. (2012). Nagbigay ang mga mananaliksik ng isang paunang pasulit o pre-test kaugnay sa kasanayang pasalita ng mga mag-aaral para may ideya ang mananaliksik sa kahusayan ng mga mag-aaral. Pagkatapos, nagbigay ang mga mananaliksik ng walong (8) gawaing pasalita

na nakabatay sa kompetensi sa Senior High School. Ang unang araw ay isang gawaing pasalita na karaniwan lamang ginagamit sa loob ng klase. Sa pangalawang araw ay isang gawaing pasalita na ginamitan ng makabagong panulaan tulad ng fliptop, pick-up lines, hugot lines at spoken word poetry bilang interbensyon sa nasabing gawain. Ito ang magiging proseso hanggang matapos ang 8 gawaing inihanda ng mga mananaliksik. Sa pangangalap ng datos nagkaroon ng *oral recitation* ang mga mag-aaral sa unang araw ng klase. Sa ikalawang araw nagkaroon pa rin ng *oral recitation* pero ginamitan ng interbensiyon sa pamamagitan ng paggamit ng mga pick-up lines kaugnay sa paksang tinalakay. Sa ikatlong araw nagkaroon ng dula-dulaan ang mga mag-aaral na nagpakita sa tatlong paraan ng panghihikayat. Sa ikaapat na araw nagtanghal ang mga mag-aaral ng patalastas na ginamitan ng hugot lines. Sa ikalimang araw inulat ng mga mag-aaral ang kaibahan ng tekstong persweysib sa tekstong argumentatibo. Sa ikaanim na araw inilahad ng mga mag-aaral ang kaisipang nakapaloob sa tekstong argumentatibo gamit ang fliptop. Sa ikapitong araw inulat ng mga mag-aaral ang katangian ng tekstong prosijural batay sa halimbawa. At sa panghuling araw ng pangangalap ay inilahad ng mga mag-aaral ang sariling tekstong prosijural gamit ang spoken poetry.

## THE FORMULATION AND DISCUSSION

Inilahad sa bahaging ito ang resulta ng pagsusuri sa kakayahan ng mga mag-aaral sa Senior High School baitang 11 sa Consolacion National High School sa pagsasalita gamit ang makabagong panulaan.

### **Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Komunikasyong Pasalita sa Pre-test (Control group)**

Ipinakita sa resultang ito ang kasanayan ng mga mag-aaral ng Senior High School sa Consolacion National High School na kumukuha ng General Academic Track sa Baitang 11.

### **Talahanayan 1: Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Komunikasyong Pasalita sa Pre-test (Control group)**

Component	Weighted Mean	Standard Deviation	Description
Katatasan (Fluency)	2.0323	1.13970	Hindi magaling
Bigkas (Pronunciation)	2.0323	1.01600	Hindi magaling
Grammar (Grammar)	2.4839	.88961	Magaling
Bokabularyo (Vocabulary)	2.2558	1.23004	Hindi magaling
Nilalaman (Content)	2.5484	1.33763	Magaling
<b>Average</b>	<b>2.2645</b>	<b>1.14005</b>	<b>Hindi magaling</b>

Legend: 3.67 - 5.00 (napakagaling); 2.34 - 3.66 (magaling); 1.00 - 2.33 (hindi magaling)

Ang resultang ito ay ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasalita na isinagawa bago ginamitan ng mga interbensiyon. Ipinakita sa resulta na sa *pre-test* ay pawang nakakuha ng *weighted*

*mean* na 2 sa limang komponent ng pagsasalita ang mga kalahok. May kabuuang average na **2.2645** ang kasanayan ng mga mag-aaral na may deskripsyong *hindi magaling*. Sa limang komponent ng pagsasalita ang *nilalaman (content)* ang nakakuha ng mataas na *weighted mean* na may **2.5484** na may deskripsyong *magaling*, ang *gramatika (grammar)* ay may deskripsyong *magaling*, ang pangalawang nakakuha ng mataas na *weighted mean* na may **2.4839**, ito ay sinundan ng bokabularyo na may **2.2558** at ang pinakamababang *weighted mean* ay ang *katatasan (fluency)* at *bokabularyo (vocabulary)* na parehong nakakuha ng **2.0323**.

Ang resultang ipinakita ay magaling ang mga mag-aaral sa *nilalaman* at *grammar*. Ipinakita rito na ang mga mag-aaral ay may kakayahang makabuo ng isang pahayag na napapalooban ng tamang detalye. Ibig sabihin ang mga kalahok ay may kakayahan na sasabak sa mga pagsasanay na nangangailangan ng malikhaing pag-iisip at tamang paggamit ng grammar. Ang resultang ito ay may kaugnayan sa pahayag ni Yamson at Borong (2022), na ang mga mag-aaral sa kasalukuyan ay nagiging malikhain sa pagbuo ng katha dahil sa kanilang exposure sa mass media. Hindi mapagkaila na ang mga kabataan ngayon ay mahilig manood ng mga teleserye at mga pelikula kung saan nakatutulong ito sa pagpapalinang ng kanilang imahinasyon. Sa kabilang dako ang resultang ito ay taliwas sa resulta ng pag-aaral ni Tanquezon (2016), dahil natuklasan niya na ang *grammar* ang may pinakamababang iskor ang nakuha ng mga mag-aaral ngunit sa pag-aaral na ito ang *grammar* ang isa sa may pinakamataas na *weighted mean*.

Makikita rin sa resulta na na ang mga mag-aaral ay nangangailangan pa ng maraming mga pagsasanay at mga interbensiyon upang mapalinang ang kakayahan sa pagsasalita ng mga mag-aaral lalo na sa Senior High School sapagkat ang kabuuang deskripsyon ng kakayahan sa pagsasalita ay *hindi magaling*. Nagpapahiwatig na ang mga komponent na ito ay nangangailangan ng mas puspusing atensiyon lalo na sa *katatasan* at *pagbigkas* sapagkat naniniwala ang mga mananaliksik na magiging walang kabuluhan ang wastong retorika at balarila ganoon din ang nilalaman ng sinasalita kung mahina o walang kasanayan sa katatasan at tamang pagbigkas. Hangad ng bawat guro, ang isang kwalidad, produktibo at maipagmamalaking mag-aaral ang lalabas sa kanyang silid-aralan. Ang kakayahan sa pagsasalita ay tulay na maisakatuparan ang hangarin ng bawat institusyon na magkakaroon ng produktibong mag-aaral. Maituturing na isang magandang ng mga mag-aaral ay may kakayahan sa pagsasalita, daan ito na madali siyang magtagumpay sa kanyang mga gawaing pang-akademiko. Hindi maipagkaila na ang pagsulong ng kabihasan ay naging mabilis at makatotohanan sa pamamagitan ng pagsasalita. Samakatuwid, kailangan ng isang indibidwal na matuto at masanay sa mga gawaing pasalita.

Makikita sa resulta na napakababa ang kakayahan sa komunikasyon ng mag-aaral. Ang resultang ito ay may kaugnayan sa pahayag nina Sugito, Sri Mulyani, Hartono, et al, (2017) sa resulta ng pagsusuri. Nakakitaan ng kahinanaan ang mga mag-aaral sa pagsasalita. Natuklasan na kulang ang kakayahan sa tiwala ng sarili. Ito ang dahilan kung bakit marami sa mga mag-aaral na kahit mataas ang kanilang marka mahina naman sila sa pagsasalita. Sang-ayon ang mananaliksik sa pahayag nina Sugito, Sri Mulyani, Hartono, et al (2017) sapagkat sa ilang taong pagtuturo ang kakayahan sa pagsasalita ang isa sa mga suliranin ng mga mag-aaral at ito ay pinatunayan sa resultang ipinakita sa talahanayan.

### **Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Komunikasyong Pasalita sa Post-test (Experimental Group)**

Sa Talahanayan 2 inilad ang istatistikal na resulta sa kasanayan ng mga kalahok sa komunikasyong pasalita sa post-test o eksperimental na grupo. Sa talahanayang ito ipinakita ang kasanayan ng mga kalahok sa limang kategorya sa pagsasalita.

### **Talahanayan 2: Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Komunikasyong Pasalita sa Post-test (Experimental Group)**

Component	Weighted mean	Standard deviation	Description
Katatasan (Fluency)	2.9111	.79264	Magaling
Bigkas (Pronunciation)	2.9333	.75076	Magaling
Grammar (Grammar)	2.6222	.71633	Magaling
Bokabularyo (Vocabulary)	2.2667	.75076	Hindi magaling
Nilalaman (Content)	2.8444	.95240	Magaling
<b>Average</b>	<b>2.7155</b>	<b>.79258</b>	<b>Magaling</b>

Legend: 3.67 - 5.00 (napakagaling); 2.34 - 3.66 (magaling); 1.00 - 2.33 (hindi magaling)

Sa gawaing ito ang mga mananaliksik ay gumamit ng mga makabagong panulaan tulad ng fliptop, pick-up lines at hugot lines bilang pagtugon sa mga pasalitang gawaing inihanda ng mananaliksik. Makikita sa talahanayan na ang kasanayan ng pagsasalita ng mga mag-aaral ng Senior High School sa Concolacion National High School ay umunlad pagkatapos ginamitan ng interbensiyon. Sa katunayan malinaw na makikita sa Talahanayan 2 na ang *weighted mean* na halos may deskripsyon na *magaling* ang mga komponent. Ang *katatasan* at *pagbigkas* ay nakakuha ng mataas na *weighted mean* na may **2.9111** ang katatasan at **2.9333** ang pagbigkas na may deskripsyong *magaling*. Ang *nilalaman* ang pangalawang nakakuha ng mataas na *weighted mean* na may **2.8444** na may deskripsyong *magaling*, ang *gramatika* na may **2.6222** na *weighted mean* na nakakuha pa rin ng *magaling* na deskripsyon at ang may pinakamababang *weighted mean* ay ang *bokabularyo* (**2.2667**) na may deskripsyong *hindi magaling*.

Malinaw na ipinakita sa talahanayan na tumaas ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasalita pagkatapos ginamitan ng interbensiyon. Sa katunayan sa limang komponent apat ang

nakakuha na *magaling* at ang bokabularyo lamang ang may deskripsyong *hindi magaling*. Ang resultang ito ay may kaugnay sa resulta ng pag-aaral nina Noblefaranca (2019) at Togonon (2013) na parehong nagsabing positibo ang mga interbensiyong ginawa ng mga guro sa katunayan nito tumaas ang mga kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat pagkatapos gumamit ang guro ng mga interbensiyon. Ang bokabularyo naman ayon nina Vocal at Borong (2022) at Bangelisan (2018), ay isa sa mga suliranin ng mga guro sapagkat sa resulta ng kanilang pagsusuri ito ang may pinakamababang kasanayan. Ang mga pahayag na ito ay may kaugnayan sa resultang ito sapagkat ang *bokabularyo* ang may pinakamababang *weighted mean*. Iminungkahi nina Vocal at Borong (2022) na hindi titigil ang mga guro sa paghahanap at pag-iisip ng mga gawain na mapalinang ang *bokabularyo* ng mga mag-aaral dahil isa ito sa pinakamahalagang taglayin ng bawat manunulat.

Ang resultang ito ay nagpapakita lamang na ang guro ay hindi titigil sa pag-iisip ng mga interbensiyon upang mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral lalo na sa pagpapalinang ng bokabularyo sapagkat ito ay may pinakamababang nakuhang *weighed mean*. Tulad ng pag-aaral na ito, nakatutulong ang mga napapanahong kinahihiligan ng mga mag-aaral sa pagpapaunlad ng kanilang kakayang pasalita. Ibig sabihin isang epektibong estratehiya ang ginamit ng mga mananaliksik sapagkat kung ihahambing ang resulta sa Talahanayan 1 (pre-test) at Talahanayan 2 (post-test) medyo nalinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa katunayan tumaas ang nakuhang *weighted mean* bukod sa komponent na *bokabularyo*. Kahit paman tumaas ang antas ng kakayahan sa pagsasalita ang kasanayang komunikasyon ng mga mag-aaral sa Consolacion National High School lalo na sa Senior High School ay nangangailangan pa rin ng atensiyon upang lalo pang malilalang ang kakayahang pagsasalita ng mga mag-aaral.

Hindi maipagkaila na ang gawaing pasalita sa loob ng klasrum ay hindi mawawala sa araw-araw na pagkikita ng guro at mag-aaral. Naging bahagi ito sa mga gawaing inihanda ng guro sa banghay-aralin. Bukod pa, ang mga mag-aaral na ito ay dapat ihanda sa bagong kabanata ng kanilang bagong antas na edukasyon ang kolehiyo. Kung saan ang kasanayan ng komunikasyon ang isa sa mga kinakailangan upang magtagumpay ang mga mag-aaral sa kanyang mga akademikong gawain. Ang resulta, ay nagpapahiwatig lamang na posibling ang mga gawain at estratehiyang ginamit ng guro lalo na ang mga mananaliksik ay kailangan pang pag-igtingin upang malinang ang pasalitang kakayahan ng mga mag-aaral. Ipinakita lamang dito na ang guro lalo na sa Senior High School ay magkakaroon ng taos-pusong malasakit sa kanyang mag-aaral. Tandaan na kung ano ang kakayahan o *performance* ng mga mag-aaral sa kolehiyo magiging apektado ang imahe ng paaralan ng kanyang pinaggalingan kung saan sumasalamin ito sa mga uri ng guro.

Inamin ng mga mananaliksik na ang kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral ay isang malaking hamon. Hamon sapagkat isa ito sa mga kahinaan ng mga mag-aaral na pinatunayan sa resultang ito na hindi masyadong mataas ang nakuhang marka ng mga kalahok. Ibig sabihin ang guro ay mag-iisip pa ng mga gawain na malilintang pa ang kakayahan ng mga mag-aaral lalo na sa pagsasalita. Ang resultang ito ay nakapagtanto na ang mananaliksik ay mag-iisip pa at maghahanap pa ng mga *instructional format* at interbensiyon para uunlad ang kasanayan ng pagsasalita ng mga mag-aaral. Responsibilidad ng guro na tugunan ang hangarin ng K to 12 Basic Education Curriculum Framework na linangin ang *oral communication skills* ng mga mag-aaral bilang paghahanda sa tinatawag na *world of work, entrepreneurship and/or pursuing higher education* kung saan ang kasanayan ng komunikasyon ay isa sa mga pinalilintang at pinagtutunan ng 21st century skills (RA 10533).

Ang resultang ito ay may kaugnayan sa resulta ng pagsusuri ni Cruz (2019) sa kanyang mga mag-aaral sa Senior High School kung saan sa ginawang pre-test sa kanyang *oral communication* na gawain ay mababa ang kasanayan ng mga kalahok at nang ginamitan ng interbensiyon ay umunlad ang kasanayan ng mga kalahok.

Ipinaalaala nina Day at Shapson (2010) na nakasalalay sa mga guro ang pagpapalalang sa kakayahan ng mga mag-aaral. Idinagdag pa, na sa pagsasalita hindi lamang ang *fluency*, tamang pagbigkas at ang nilalaman ng sinasalita, pagtutunang din ng pansin ng guro ang tamang gramatika at bokabularyo. Sa pahayag din ni Paul (2008), sinabi niyang gagawa nang gagawa ang guro ng mga interbensiyon sa loob ng paaralan hanggang malilintang ang kahinaan ng mga mag-aaral. Nangangahulugan lamang ito na ang mga edukador ay lubos na hinahangad na magkakaroon ng magaling o kalidad na mga mag-aaral. Ibig sabihin ang mananaliksik ay pagbutihin pa ang mga interbensiyong gagawin upang mapaunlad pa ng lalo ang kakayahan ng kanyang mga mag-aaral.

Isang malaking hamon ng guro na nagtuturo sa pampublikong paaralan ayon nina Bangelisan at Eslit (2018) sapagkat marami sa mga mag-aaral mula pampublikong paaralan ay walang sapat na mga *reading materials* sa kanilang bahay. Ang pagbabasa ay isa sa mga tulay na makatutulong sa pagpapalalang ng pagsasalita ng mga mag-aaral, dagdag pa nina Bangelisan at Eslit (2018).

Ang resultang ito ay kaugnay sa resultang ginawa na pagsusuri ni Flores (2017), na natuklasang na maraming mga dahilan kung bakit mahina ang mga mag-aaral sa pasalita. Una *training*, ibig sabihin kalantaran ng mga mag-aaral sa gawaing pasalita, pangalawa *verbal fluency*, kahandaan at higit sa lahat tiwala sa sarili. Natuklasan din sa pagsusuri nina Ihmeideh, Al-Omari at Al-Dababneh (2010) na negatibo ang kasanayan sa pagsasalita ng kanyang mga kalahok kaya iminungkahi ng mga mananaliksik na ang namumuno sa paaralan ay magkakaroon ng

mga pagsasanay sa mga guro kung paano mapaunlad ang kakayahan sa pagsasalita at pakikinig ng mga mag-aaral.

### **Kaugnayan ng Kahusayan ng Kasanayan sa Pagsasalita ng mga Mag-aaral sa Control at Eksperimental group**

Ang resulta ng kaugnayan ng kahusayan ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa control at eksperimental ay malinaw na inilahad sa Talahanayan 3.

Talahanayan 3: **Kaugnayan ng Kahusayan ng Kasanayan sa Pagsasalita ng mga Mag-aaral sa Control at Eksperimental Group**

Test Statistics	Fluency	Pronunciation	Grammar	Vocabulary	Content
t	-.211	-.371	-.511	.672	.625
p-value	.834	.712	.612	.505	.535
Interpretation	Walang kabuluhan g kaibahan	Walang kabuluhang kaibahan	Walang kabuluhan g kaibahan	Walang kabuluhan g kaibahan	Walang kabuluhan g kaibahan

Gamit ang *T-test* malinaw na ipinakita sa Talahanayan 3 na *walang kabuluhang kaibahan* ang kahusayan ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa kontrol at eksperimental na grupo. Ipinahawtig sa resulta ng talahanayan na hindi pa masyadong napalalang ang kakayahan sa pagsasalita ng mga kalahok gamit ang mga makabagong panulaan. Makikita naman ito sa resulta sa mga naunang talahanayan na hindi lahat na mga komponent na napalalang o napaunlad ang kakayahan.

Ibig sabihin hindi titigil ang guro sa pag-iisip ng mga estratehiya para sa mapaunlad pa lalo ang kakayahan ng mga mag-aaral. Nangangahulugan na ang guro ay magkakaroon ng malasakit para sa kapakanan ng kanyang mga mag-aaral. Ipinahayag nina Grace at Gilsdorf (2004) na minsan ang interbensiyong ginamit ng guro ay hindi makapagpapalalang sa kakayahan ng mag-aaral hindi dahil hindi epektibo ang isang interbensiyon kundi dahil sa paksang pinag-usapan. Maraming mga kadahilanan o paktors kung bakit manatiling mahina ang kakayahan ng mga mag-aaral. Maaaring ang paksa ay hindi kawili-wili sa mga mag-aaral kaya apektado ang ginawang interbensiyon ng guro. Ipinahiwatig lamang dito na hindi madali ang responsibilidad na nakaatang sa balikat ng guro kung pag-uusapan ang paghubog ng kaalaman ng mga mag-aaral.

Kaugnayan sa resulta sa Talahanayan 3, inilahad ni Kenny (2011) ang kanyang obserbasyon na ang kasanayan sa pagsasalita ay karamihan balakid sa mga mag-aaral. Hindi lamang sa mga high school na mga mag-aaral pati na rin sa mga kolehiyo. Kaya ang pag-aaral at pagsusuri sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsasalita ay walang katapusan. Komponent ng 21<sup>st</sup> century ang epektibong komunikasyon kung saan ay pinahahalagahan at inirekomenda sa mga bawat guro na papaunlarin ang kakayahang ito sa mga mag-aaral dahil instrumento ito sa katugumpayan ng layunin ng K to 12 at sa

anumang gawain. Ipinahayag rin ni Simmons (2014) na ang epektibong komunikasyon ay pundasyon na magkakaroon ng isang magandang oportunidad sa paghahanap ng trabaho. Malakas ang kanyang pananalig sa sarili sa pagharap ng tao marami man o kakaunti lang.

Ipinahayag ni Hughes (2011), na ang bawat guro ay parehong may hangarin na tumulong sa pagpapaunlad ng pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral. Isa sa mga paraan upang mapatupad ang hangaring ito ay gumamit ang mga guro ng iba't ibang pamaraan para lamang umunlad ang kakayahan ng bawat mag-aaral. Iminungkahi rin ni Talafhah (2018), na hindi titigil ang mga guro sa pagkiliti ng kanyang mga mag-aaral para lamang umunlad ang kanilang kakayahan. Ang pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral ay isa sa mga sinumpaan ng bawat guro. Samakatuwid ang resultang ipinakita sa Talahanayan 3 ay nagpapahiwatig lamang na kailangang pang-doblehen ang pagsisikap ng mga guro para sa kapakanan sa kanyang mga mag-aaral.

### IMPLIKASYON

Ang kahusayan ng komunikasyong pasalita ang binigyang pokus sa pag-aaral na ito. Mababa ang nakuhang *weighted mean* ng mga mag-aaral sa ginawang *pre-test* at medyo umunlad ang komunikasyong pasalita ng mga kalahok pagkatapos ginamitan ng interbensiyon. Samakatuwid ang pagkakaroon ng interbensiyon sa pagsasalita, ang mga mag-aaral ay may pagkakataong mapalinang ang kasanayang ito.

### ACKNOWLEDGEMENT

Ang pananaliksik na ito ay naisakatuparan bilang bahagi tesis sa graduwadong pag-aaral ng Southern Leyte State University-Tomas Oppus sa programang MaEd-Filipino.

### REFERENCES

- Bangelisan, K. at Eslit, E. (2018). *Speaking and listening skills of senior high school students: Basis for communication enhancement program*. Retrieved from <http://dx.doi.org/10.13140/RG.2.2.25281.66402>
- Bernabe, J. (2019). *Pagkilala ng mga kamalian sa sulatin tungo sa pagbuo ng mga pantulong na aralin sa pagsulat*. Di-nailathalang Tesis: Southern Leyte State University- College of Teacher Education. Tomas Oppus, Southern Leyte.
- Bonhoc, I. (2015). *Kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng dula batay sa pag-unawa ng maikling kwento*. Di-nailathalang Tesis: Southern Leyte State University- College of Teacher Education. Tomas Oppus, Southern Leyte.

Bukhari, S. (2017). *To do or not to do: willingness to communicate in the ESL context*. Cambridge University Press

Capiña, A. (2015). *Kabataan sa makabagong panahon*. <https://web.facebook.com/1653870178213656/posts/1655359004731440/?rdc=1&rdri>

Curtsinger, A. (2018). Improving teamwork and communication through the use of teamSTEPPS. *Open Access Library Journal*, 5, pp.1-7. Retrieved from <http://dx.doi.org/10.4236/oalib.1104816>.

Day, E. at Shapson, S. (2010). Assessment of oral communicative skills in early French immersion programmes. *Journal of Multilingual and Multicultural Development*, 8 (3), pp. 237-260. Retrieved from <https://doi.org/10.1080/01434632.1987.9994288>

Fauzon, U. (2016). Enhancing speaking ability of efl students through debate and peer assessment. *EFL*, 1(1), p.49. <https://doi:10.21462/eflj.v1i1.8>

Flores, M. (2017). *Kritikal at inferensyal na kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa filipino medyur ng VSU*. Southern Leyte State University-Tomas Oppus, Tomas Oppus, Southern Leyte.

Geronimo, J. (2015). *Mga guro, maging malikhain sa pagtuturo ng Filipino*. Retrieved from <https://www.rappler.com/nation/101762-guro-maging-malikhain-pagtuturo-filipino>.

Talafhah, R. (2018). *The effect of using metacognitive strategies on writing performance of EFL students in Jordanian private and public schools: A comparative study*. Retrieved from [https://www.researchgate.net/publication/330423082\\_The\\_Effect](https://www.researchgate.net/publication/330423082_The_Effect)

Tanquezon, J. (2016). *Pahambing na kakayahan ng mga mag-aaral sa pagpapahayag gamit ang mga wikang kinagisnan at Filipino*. Di-nailathalang Tesis: Southern Leyte State University- College of Teacher Education, Tomas Oppus, Southern Leyte.

Sugito, S., Susilowati, S., Hartono, H. at Supartono, S. (2017). Enhancing students' communication skills through problem posing and presentation. *International Journal of Evaluation and Research in Education (IJERE)*, 6(1), 17. DOI:[10.11591/ijere.v6i1.6342](https://doi.org/10.11591/ijere.v6i1.6342)

- Talafhah, R. (2018). *The effect of using metacognitive strategies on writing performance of EFL students in Jordanian private and public schools: A comparative study*. Retrieved from [https://www.researchgate.net/publication/330423082\\_The\\_Effect](https://www.researchgate.net/publication/330423082_The_Effect)
- Tanquezon, J. (2016). *Pahambing na kakayahan ng mga mag-aaral sa pagpapahayag gamit ang mga wikang kinagisnan at Filipino*. Dinailathalang Tesis: Southern Leyte State University- College of Teacher Education, Tomas Oppus, Southern Leyte.
- Wu, V., Marek, W. at Huang, W. (2012). *Using Skype and Facebook as social media to enhance learner communicative competency and cultural awareness in an EFL advanced conversation class*. In J. Colpaert, A. Aerts, W.C. V Wu, & Y.C.J. Chao (Eds.), *Proceedings of the 2012 CALL Conference* (pp. 681-684). Antwerp: CALL (Taichung, Taiwan).
- Vocal, D. (2019). *Pagsusuri ng kakayahan sa mga piling 4c's ng mga mag-aaral ng baitang 6 gamit ang metakognitibong estratehiya*. Dinailathalang Tesis: Southern Leyte State University- College of Teacher Education. Tomas Oppus, Southern Leyte.
- Vocal, D. at Borong, N. (2022) . Strategies for developing creativity, critical, communication and collaboration: a comparative teaching using explicit and metacognitive strategies. *European Journal of Social Sciences Studies*, 7(4), pp. 110-119
- Yamson, W. at Borong, N. (2022). *Metacognitive strategies for developing writing skills*. *International Journal of Social Sciences and Humanities Invention*, 9(11): pp. 7395-7403. [http://doi: 10.18535/ijsshi/v9i011.08](http://doi:10.18535/ijsshi/v9i011.08)

j